

1

Mabigat ang loob ni Romina habang inaayos ang maleta na ikinakarga sa trunk ng kotse niya. Pilit niyang pinipigil ang luhang kanina pa nais maglandas mula sa kanyang mga mata. Nakamasid lang sa kanya ang mga kasambahay na walang nagawa sa naging desisyon niya. Bakas sa mga mukha ng mga ito ang labis na kalungkutan. At ang higit na naapektuhan doon ay si Nana Ising na itinuring na rin niyang pangalawang ina.

Kailangan kong gawin ito, usal niya sa sarili. Kailangan kong ayusin ang buhay ko... nang mag-isa. Nang hindi na kinakailangang masaktan at umasa sa iba para lamang muling makabangon. Pagod na akong umasa at maghintay, kaya ako na mismo ang kikilos at gagawa ng paraan para makabangon muli.

At bago pa man tuluyang lumisan ay pinagmasdan niya sa huling pagkakataon ang bahay na naging saksi sa masasayang alaala niya kasama ang mga magulang. Gayon na lamang ang sakit na naramdaman niya sa sandaling iyon.

Mahigit isang taon pa lang ang nakakaraan mula noong yumao ang butihin niyang ina. Nangako si

Ysmael Grande, ang kanyang ama, na hindi na muling mag-aasawa pa. Subalit isang araw ay bigla nitong ipinakilala si Angelica Suarez. Higit itong bata kaysa sa kanyang ina. Gayon na lamang ang naramdaman niyang sakit nang ipasya ng dalawa na magpakasal matapos makapagbabang-luksa ang pamilya nila.

Pinagtalunan nilang mag-ama ang tungkol doon. Tutol siya kay Angelica at sa pagpapakasal ng dalawa ngunit wala siyang nagawa. Mas pinili ng ama na gawin ang sariling kagustuhan sa kabila ng pagbabanta niyang aalis sa mansyon nila.

Sa mga pagkakataon ding iyon ay inaasahan ni Romina na makakatulong ang ama sa dinaranas niyang problema sa negosyo. Nabigo siya dahil masyado na itong naging abala sa paghahanda para sa kasal nito.

Walang kaalam-alam si Ysmael sa sitwasyon at eskandalong kinasangkutan niya at ng *Roma*, ang restaurant niya... hanggang sa tuluyan iyong magsara. Malaki rin ang ipinuhunan niya sa negosyong iyon at katuwang niya ang ina sa pagtataguyod niyon, kaya gayon na lamang ang pagpapahalaga niya roon. Wala na siyang magawa at wala ring matakbuhan para hingan ng tulong kaya tuluyan na niya iyong isinara kahit masakit sa loob niya.

Malalim na napabuntong-hininga ang dalaga at saka pinahid ang luhang naglandas mula sa kanyang mga mata matapos gunitain ang nakaraan. Ngayon ay nais niyang magsimulang mag-isa. Muli siyang babangon at bubuuin ang sarili.

Bulacan.

Nasa tapat na si Romina ng bahay ni Tita Ingrid, ang kapatid ng kanyang ina. Kulang limang taon na itong balo at isang anak lamang ang kasama nito sa bahay, bukod sa iilang katulong. Bago pa man siya makapagbusina upang iprenda ang pagdating ay inagaw na ang atensyon niya ng isang nagyayabang na mansyon malapit lang sa bahay ng tiyahin. Apat na bahay lang ang pagitan nito mula sa kanyang kinalulugaran. Hindi niya mapigilan ang mapahanga dahil sa pinaghalong modern at classic na istilo nito. May pagka-European pa ang ibang disenyo nito.

Nang huli siyang magpunta sa bahay ng tiyahin ay wala pa ang naturang mansyon. Kunsabagay, ilang taon din siyang hindi nadalaw roon, kulang apat na taon na rin.

“Romina?” Mabilis na napukaw ang atensyon niya ng pamilyar na tinig na iyon.

“Tita!” Mabilis na napalabas siya ng sasakyan at sinalubong ng mahigpit na yakap ang matanda.

“Well, mukhang masyado kang nabighani ng mansyon na iyon at hindi mo napansin ang pagdating ko,” komento nito.

“Ngayon ko lang kasi napansin ’yon, Tita. And I am really fascinated by its architecture. It’s beautiful, Tita.”

“Bago lang ang mansyon na ’yan. Last year lang natapos at mga Llorente ang may-ari. Ang pagkakaalam ko’y ipinamana ng matandang Llorente sa kanyang apo.”

Napatango lang siya at seryosong bumaling sa kausap. “Tita, can I stay here?” derecho niyang sabi.

Sa una ay walang-imik ang tiyahin kaya kinabahan si Romina. Subalit nawala rin ang agam-agam niya nang masuyo itong ngumiti. “Siyempre, ikaw pa. Laging bukas ang tahanan namin para sa iyo. Your father called up an hour ago.” Hindi siya kumibo. “He told me what happened and you need to tell me your side. He was so sure na dito ka tutuloy kaya tinawagan niya ‘ko.”

Tumango lang siya habang magkasabay silang pumasok ng kabahayan.

“Ate Romina!”

Kapwa napalingon ang magtiya dahil sa tinig na nanggaling sa loob ng kabahayan. Si Yamayi iyon, pinsan niya. Excited itong napatakbo palabas ng bahay at sinalubong siya ng mahigpit ng yakap.

“Ate, ikaw nga!” masiglang saad nito. “Lalo kang gumaganda, ah.”

“Hmph.... At bolera ka pa rin hanggang ngayon!”

Napangiti na lang si Ingrid habang minamasdan ang dalawa. Naiintindihan nito kung bakit ganoon na lang ang pagkasabik ni Yamayi sa pinsan. Mangyari kasi ay nag-iisang anak lamang ito at sabik sa kapatid.

“Yam, ang mabuti pa’y tulungan mo kami ng Ate Romina mo sa mga gamit niya.”

Mabilis itong tumalima at tumulong sa pagpasok ng maleta niya sa loob ng bahay.

“Ate, may boyfriend ka na?” untag nito mayamaya.

“Yam-yam!” gulat na bulalas ni Ingrid. Hindi inaasahan ng ginang na itatanong ng dalagita ang bagay na iyon sa pinsan.

“At bakit mo naman naitanong, aber?” ani Romina na nakangiti. “Balak mo na bang mag-boyfriend? O

baka naman may boyfriend ka na?”

Pinamulahan ng mukha ang labing-apat na taong gulang na si Yamayi at napabaling sa ina na naghihintay rin ng sagot.

“Ate naman, bata pa ’ko para mag-boyfriend. Naitanong ko lang kasi may gusto akong ipakilala sa ’yo,” depensa nito. “Nakita mo naman siguro ’yung mansyon sa malapit lang, di ba?” Tumango si Romina. “Ay, naku, Ate! Ang guwapo ng may-ari niyon at ang bait pa. Bagay kayo. Ipapakilala kita sa kanya kapag nagawi uli siya dito,” kinikilig pang sabi nito.

Napangiti siya. At napailing naman si Ingrid sa anak.

“Ano’ng plano mo?” tanong ng tiyahin niya matapos silang maghapunan.

“Kailan mo balak mag-asawa, Ate? You’re not getting any younger. Hanggang ngayon, wala ka pa ring boyfriend.”

“Yamayi!” saway ni Ingrid dito. “Ang bata-bata mo pa, kung anu-ano na ang itinatanong mo sa ate mo.”

“It’s okay, Tita. Don’t worry,” aniya at saka

bumaling sa pinsan. “Alam mo, Yamayi, darating din ’yung time na ’yun. Pero kung hindi naman, okay lang. Kung ’yun ang bigay ni God, no problem,” mahinahon niyang paliwanag. “Kaya ikaw, huwag kang magmamadali. Take your time and enjoy your life. I’m still enjoying mine kaya hindi ko pa naiisip ang mga bagay na iyan. And besides, hindi ba, sabi mo, ipapakilala mo naman ako sa cute guy na kakilala mo?”

Napailing si Ingrid nang makitang lumiwanag ang mukha ng anak.

Sa kabila ng kanyang sinabi kay Yamayi, wala sa isip niya ang pag-aasawa over the past years. She had boyfriends before. Pero matapos masaktan at mabigo sa pag-ibig, napagdesisyunan niyang mag-focus na lang muna sa negosyo and enjoy her life as a free woman.

Hindi na rin yata niya gugustuhin pang mag-asawa matapos masaktan. Her past boyfriends, ang lalaking nanloko sa best friend niya, ang kanyang ama... at si Allen Quintana. Lahat ng lalaking nakilala niya ay nagdulot lamang ng sakit sa kanyang kalooban.

Muli siyang pinukaw ng tiyahin. “How about venturing into business again? Tutulongan kita sa

puhunan if you want.”

“Pass muna ako diyan, Tita. I want to do something else,” sagot niya.

“Pahihiramin kita ng puhunan bilang simula.”

Umiling siya. “No need, Tita. Gusto ko munang magpahinga sa negosyo. Balak kong magtrabaho... for a change. At para makapag-isip din akong mabuti kung ano ba talaga ang gusto kong gawin.”

“Sigurado kang iyan ang gusto mong gawin?”

Tumango siya. “Yes, Tita.”

“Siguradong magtatampo ang papa mo kapag nalaman niyang nagtatrabaho ka sa iba gayong puwede mo namang i-manage ang negosyo ninyo.”

Napailing siya. Hinding-hindi siya lalapit sa ama para lamang sa trabaho. Ni hindi nga nito nalaman na nalugi na ang negosyo niya.

“If that’s what you want, sige. Nandito lamang kami ni Yamayi para suportahan ka,” ani Ingrid.

“Thanks, Tita.”

“Hijo,” nasorpresang sabi ni Ingrid nang

mabungaran sa pinto ang apo ng matandang Llorente. “Ano’ng sadya mo?”

Kaagad na bumalatay sa mukha ng binata ang matamis na ngiti na nagdagdag sa angking kaguwapuhan nito. Isang pumpon ng pulang mga rosas ang iniabot nito sa babae. Ganoon ang ginagawa ng lalaki tuwing daraan sa kanila. Kung hindi bulaklak ang dala ay pagkain kung minsan. Galing sa flower farm nito ang mga bulaklak.

“Tutungo ho ako sa Maynila. Nag-resign kasi ’yung nagma-manage sa flower farm kaya kailangan kong kumuha ng bagong staff.”

Napatango si Ingrid. “Salamat sa mga bulaklak. Eh, bakit naman nag-resign si Dolly?”

“Dumating na kasi ’yung petition papers niya sa Canada. And she’s leaving next week. May gusto po ba kayong padaanan sa Maynila? Anything you want?”

“Wala naman, Hijo,” ani Ingrid.

“Kung gan’on, tutuloy na po ako.”

“O sige, mag-iingat ka.”

Papasok na ito sa kotse nang may maalala si Ingrid.

“Ay, Al, sandali!” humahangos na pigil nito.

“Yes, Tita?”

“Naghahanap ka ’ika mo ng bagong staff?”

“Yes, Tita. May mairerekomenda po ba kayo?”

Sandaling nag-isip ang babae. “Uhm... ’yung pamangkin ko sana. Kadarating niya lang kahapon dito at naghahanap siya ng trabaho. Can you consider her?”

Humalukip si Allen at tila nag-iisip habang nakatayo sa tabi ng sasakyan niya. “Why not, Tita?”

“You’re hired, Romina! Puwede ka nang mag-start bukas.”

Inalis ng dalaga ang tingin sa binabasang diyaryo at inilipat ang pansin sa tiyahin.

“Ganito kasi...” Napaupo ito sa tabi niya. Pasimple namang lumapit si Yamayi na interesado sa kuwento ng ina. “Nag-resign ’yung nagma-manage ng *Llorente Flower Farm*. At inirekomenda kita.”

“*Llorente Flower Farm*? ’Yung mansyon diyan sa malapit?” paniniguro niya.

“Wow, that’s great, Mommy!” kinikilig na singit ni Yamayi. “That’s exciting, Ate Rom. Talagang pinaglalapit kayo ni Kuya Al.”

“Nasa likurang bahagi ng mansyon ’yung flower farm, Hija. Napakaganda niyon. Minsan na kasi kaming ipinasyal doon ni Al, ’yung apo ng mga Llorente. Okay lang ba sa ’yo na inirekomenda kita?”

Sandaling nag-isip siya bago tumugon. “Okay lang, Tita. Pero ako ang magma-manage?”

“Oo.” Napangiti ito nang mabatid ang inaalala niya. “You can do it, Romina. Kung ang iniisip mo ay ang nangyari sa *Roma*, don’t worry. Iba naman ang flower business at siguradong mag-e-enjoy ka.”

“Saka, Ate, hindi naman ikaw ang dahilan kung bakit bumagsak ang *Roma*, di ba? Kaya huwag mong sisihin ang sarili mo. And I’m sure tutulungan ka ni Kuya Al sa pagma-manage n’un,” sabat ni Yamayi.

Bahagyang napatango siya. May punto ang pinsan niya at bukod pa roon, kailangan niya ng trabaho lalo pa ngayong nakikitira siya sa kanyang tiyahin.

“So, ano’ng desisyon mo?”

Isang malalim na buntong-hininga ang

pinakawalan ni Romina bago nagdesisyon. “Okay, I accept the challenge.”

Mabilis na napapalakpak ang pinsan niya sa katuwaan.

“That’s good, Hija. Mabait naman si Al and I’m sure he’s a good boss. He’ll be expecting us today for lunch. Gusto ka niyang makilala.”

Gayon na lamang ang paghanga ni Romina nang makapasok siya, kasama ang tiyahin at pinsan sa mansyon. Kung ano ang iginanda niyon sa labas, mas higit pa sa loob ng kabahayan. Para iyong munting palasyo.

“Ang laki naman nito, Tita. Buti at hindi nalulungkot ang may-ari nito kahit siya lang mag-isa ang nakatira kasama ng mga katulong at katiwala,” komento niya. Nalaman niyang ang apo lang ng matandang Llorente ang nakatira roon kasama ng anim na katulong at dalawang katiwala.

“Nag-iisang apo lang kasi si Al ng mga Llorente,” tugon nito. “At saka, paminsan-minsan lang din nagtutungo dito iyon. Minsan para magbakasyon kapag masyado nang stressed sa Maynila dahil sa negosyo niya. Pero nitong mga nakakaraang buwan

ay napapadalas at napapatagal ang pagbababakasyon niya. ”

Ang suwerte naman ng mapapangasawa ng Al na ‘to, naisip niya.

“Mommy, ’ayan na si Kuya Al...” excited na bulong ni Yamayi sa ina na hindi napansin ni Romina.

Abala siya sa paghanga sa kabuuan ng kabahayan kaya hindi niya napansin ang paparating na lalaki.

Isang simpleng light blue polo shirt ang suot nito katerno ng khaki pants na nagpaangat sa taglay nitong kakisigan.

“Good afternoon, Ladies,” nakangiting bungad nito.

Biglang natulos sa kinauupuan si Romina nang sa pagbaling niya ay ang pamilyar na mukha ng isang lalaki ang bumungad sa kanya.

“Good afternoon, Hijo,” bati ni Ingrid at bumaling sa kanya. “I want you to meet—” Natigilan ito nang mapansing nag-iba ang reaksyon niya.

“Small world talaga, Tita...” sarkastikong sambit niya habang tumatayo.

Natigilan ang mag-ina nang mapansing tila

magkakilala ang dalawa at mayroon silang hindi magandang pinagsamahan.

Mabilis na bumaling ang lalaki sa biyuda. “Siya ba ’yung pamangkin mo, Tita Ingrid? Siya ba ’yung inirerekomenda n’yo sa akin?” anito na parang hindi pansin ang tono niya.

Tumango ito. “Yes, Hijo. Siya ’yung sinasabi ko sa ’yong pamangkin ko, si Romina.”

“Siya ba ang employer ko, Tita?” paniniguro ng dalaga.

“Yes, Hija. May problema ba?”

Bago siya makasagot ay sumingit si Allen. “She’s hired, as I’ve told you, Tita...” Tumuong sa kanya ang mga mata nito. “You can start anytime you want.”

“No,” matatag niyang tutol na ikinabigla nina Ingrid at Yamayi. “I’m *not* going to work for you.”

“Wait,” naguguluhang saad ng nakatatandang babae. “Magkakilala kayo?”

“Babalik na ’ko sa bahay, Tita. At doon na lang ako mag-e-explain. But if you want to stay here at ituloy ang lunch n’yo, it’s okay.” Tinalikuran niya ang tatlong taong natigilan sa inakto niya.

“Romina,” tawag ni Al. “Why don’t you think about it first? And why don’t we talk? Don’t you think it’s a good idea?”

Sandaling huminto siya sa paglalakad at nag-isip. Matiyagang naghihintay ang tatlo sa kanyang kasagutan.

Ilang sandali pa ay muli niyang hinarap ang lalaki. Tila nabuhayan ng loob ang tatlo na magbabago ang isip niya. Subalit...

“No, no, no and no!” mariing tanggi niya at muling tumalikod saka dere-derechong nilisan ang mansyon.

“Tell me, what is this all about?” baling ni Ingrid kay Al nang makaalis na ang pamangkin.

Tumango lang si Allen habang nakasunod ang tingin sa babaeng papalayo.

2

Allen Quintana.

She hated him so much at kahit marinig lang ang pangalan ng lalaki ay ayaw niya. Ito ang sinisisi niya sa pagbagsak ng kanyang negosyo at sa eskandalong kinasangkutan niya. Nananahimik siya at masaya sa restaurant niya nang bigla ito umeksena....

“Someone wants to meet you, Dear,” salubong sa kanya ni Cherry, ang baklang kaibigan niya na madalas mag-hang-out sa kanyang restaurant. Kadarating pa lang niya noon sa restaurant noon. “He’s Allen Quintana.” Itinuro nito ang lalaking nasa likuran niya. “Allen, meet my dear friend, Romina Grande.”

Isang matamis na ngiti ang inihanda niya nang bumaling sa lalaki. Hindi niya sukat akalaing napakaguwapo nito, lalo na nang tugunin ang ngiti niya. She had to admit she was hooked by his charming smile the first time she saw him. Hindi niya maintindihan kung bakit sa unang pagkikita nilang iyon ay gayon na lamang ang kabog ng kanyang dibdib.

They shook hands. Their first meeting seemed okay, but it turned out to be the opposite. Hindi inasahan ni

Romina ang sumunod na aksyon ng lalaki.

Mabilis siya nitong hinapit sa baywang at masuyong hinagkan sa labi. Gayon na lamang ang pagbilis ng tibok ng puso niya at pangangatog na naramdaman ng kanyang mga tuhod kaya nawalan siya ng lakas upang labanan ito. Hindi rin siya nagkaroon pa ng pagkakataong mag-isip dahil sa iba't ibang emosyon na dumaloy sa isipan niya.

Pati ang mga taong nakakakilala sa kanila ay natigilan nang mga sandaling iyon. At alam niyang naipit na siya sa isang sitwasyong iyon nang mula sa kanyang likuran ay isang babae ang narinig niyang galit na sumisigaw dahil sa nakita. Napakarami pa namang customers nang mga oras na iyon.

Noon huminto sa paghalik sa kanya si Allen, subalit hindi nito inalis ang pagkakaakbay sa kanya. And she was still in shock that time kaya hindi niya iyon kaagad naiwaksi.

“So, siya ang babaeng ipinalit mo sa akin?” mataray na sabi ng babaeng kaharap nila. May iba pa itong sinabi ngunit hindi na iyon rumehistro sa isipan niya. Reputasyon ng Roma ang iniisip niya nang mga sandaling iyon. She froze in shock at mabuti na lamang ay mabilis siyang hinila ni Cherry papasok sa loob ng opisina niya upang kumalma.

Later, nalaman niyang anak ng isang general ang babaeng sumugod sa kanya sa restaurant. Ito rin ang nobya ng pangahas na lalaki kaya ito nagwala nang makita siyang kahalikan si Allen.

At noon na nagsimula ang lahat. Ang eskandalo sa restaurant mula sa pagsugod ng babae sa kanya hanggang sa issue na ginawa nito upang masira ang kredibilidad ng *Roma*.

Ipinamalita nitong may langaw at ipis ang soup na isine-serve nila. Sinadya nitong kumain minsan sa *Roma* at nilagyan ng insekto ang pagkaing inihain. At pagkatapos ay nagtititili na may ipis ang soup nito. Kumalat ang tungkol doon maging sa mga diyaryo at magazine.

Gayundin ang isa pang issue na wala ring katotohanan—na mang-aagaw siya ng boyfriend. Doon na tuluyang nasira at gumuho ang lahat ng pinaghirapan nila ng kanyang ina. Tuluyan niyang ipinasara ang *Roma* dahil wala nang gustong kumain doon. Sira na ang kredibilidad nito.

Nang mga panahong iyon, pakiramdam ni Romina ay nag-iisa siya dahil wala man lang tumulong sa kanya upang isalba siya sa sitwasyong napasukan. Sa mga pagkakataong iyon, kinailangan niya ang ama subalit wala ito.

And she hated Allen dahil ito ang nagsimula ng gulo. Ang dahilan kung bakit nasira ang kredibilidad ng *Roma*.

Sinubukan siyang kausapin ang lalaki matapos ang insidente, subalit hindi na niya ito binigyan pa ng pagkakakataon dahil huli na ang lahat. Sarado na ang restaurant niya. Hindi na nito maibabalik ang nasirang kredibilidad niya at ng negosyo.

“Masarap bang humalik si Kuya Allen?”

“Yamayi!” gulat na bulalas ni Romina nang bumungad ang pinsan sa kuwarto niya pagkagaling nito sa mansyon. Sa tingin niya ay nakapagkuwento na si Allen sa mag-ina tungkol sa nangyari sa *Roma* pati na rin sa eskandalong kinasangkutan niya kaya iyon kaagad tanong ng dalagita.

Hindi niya naitago ang pamumula ng mukha nang biglang sumagi sa isipan ang tagpong iyon, ang first meeting nila ni Allen at ang ginawa nitong paghalik sa kanya. Kakaiba ang pakiramdam niya nang mga sandaling iyon; hindi niya maipaliwanag. Pero sa bandang huli ay dignidad pa rin niya ang nangibabaw.

“He’s downstairs at gusto ka raw makausap,”

dugtong ni Yamayi kasabay ng isang nanunuksong ngiti.

“Wala kaming pag-uusapan. Masasayang lang ang oras ko,” mataray na turan niya.

“It’s about the job, Ate...”

Tumuwid ng pagkakaupo si Romina sa kama at hinarap ang pinsan. “Yam, marami pa namang trabaho diyan at hindi lang ’yung sa flower farm. Ayokong magkaroon ng utang-na-loob sa lalaking iyan.”

“Pero, Ate...”

“Yam, huwag mo ’kong pilitin sa bagay na hindi ko kayang gawin. Paano ko pakikisamahan ang lalaking naging dahilan ng pagbagsak ng *Roma*?”

Napakamot-ulo na lang ito habang naglalakad patungo sa pinto. “Sige, sasabihin ko na lang kay Mommy na ayaw mo talaga.”

Humahangos papasok sa bahay ng tiyahin si Romina. Galing siya sa mall at suwerte namang nagkita sila roon ng dating kaeskuwela sa college. Excited siyang i-share sa tiyahin ang magandang balita: may trabaho na siya!

“Tita!” excited na tawag niya, ngunit biglang napawi ang sigla at ngiti sa mga labi niya nang ang mabungaran sa sala ay si Allen.

“Hi!” nakangiting bati nito. “Nag-aayos lang sila ni Yam. I invited them for lunch. And you’re also invited.”

“No, thank you!” maanghang at matatag na tanggi niya at tinalikuran ito.

“Oh, wait,” mabilis na habol ng binata bago pa siya makalayo. Hindi siya huminto kaya mabilis nitong hinagip ang braso niya. “Just for a while, please... let’s talk,” mahinahong sabi nito na tila nakikiusap. “We need to talk.”

Mabilis niyang ipiniksi ang brasong hawak nito at tinapunan ito ng pairap na tingin. “Wala tayong pag-uusapan,” aniya at muli itong tinalikuran.

“Wait, listen.” Humarang na ito sa daraanan niya. “I’m still offering the job. Fifty thousand per month ang salary...”

Isang galit na tingin ang ipinukol niya rito. “Makulit ka rin, ano! Hindi ako mabibili ng pera mo, Mr. Quintana. At ito ang tatandaan mo, I won’t accept anything from you. Do you understand?”

Napailing si Allen sa tinuran ng babae. “Listen, please... hindi ko sinasadya ’yung nangyari noon. Malinis ang intensyon—” Bago pa man nito matapos ang sasabihin, matunog nang lumapat ang palad niya sa pisngi nito.

Subalit mas higit na nagulat si Romina sa sumunod na ginawa nito. Bigla siya nitong hinapit sa baywang at ilang pulgada na lang ang layo ng mga mukha nila sa isa’t isa. She could already smell his scent. Muli, naging masasal ang tibok ng kanyang puso. Hindi niya alam kung bakit gayon ang epekto ng lalaki sa kanya tuwing magkakalapit sila nito. Sa pagkakataon ding iyon, nagbalik sa alaala niya ang nangyari noon sa restaurant—ang una nilang pagkakakilala.

“Bitiwan mo ’ko!” kinakabahang utos niya sa mahinang tinig. Ayaw niyang marinig ng tiyahin na nagtatalo sila ng binata. At mabuti na lamang ay nakuha pa niyang magsalita sa kabila ng kabang nararamdaman.

“Not yet, my dear.”

Lalong lumakas ang kabog ng dibdib niya nang marinig ang mga katagang namutawi mula sa mga labi nito. “Isa...” may pagbabanta sa kanyang tinig habang pilit itong itinutulak papalayo. Pero nagulat

siya nang sabay silang bumagsak sa sofa ni Allen.

And she was on top of him!

“I lost my balance.” Nakakaloko ang ngiti nito at parang nahuhulaan na niyang sinadya nito ang nangyari.

Mabilis na pinamulahan ng mukha si Romina. “Sinabi ko nang bitiwang mo ako!” inis niyang singhal. Ayaw niyang maabutan sila ng kahit sino sa bahay na iyon sa ganoong sitwasyon.

“Okay. But after this. ” Hinawakan siya nito sa ulo at hinagkan sa labi. And she was once again too powerless to resist him.

Ilang saglit lang ay naulinigan na ni Romina ang tinig ng tiyahin palabas ng kuwarto nito. Tinatawag nito ang anak.

Naalarmang buong lakas na pilit siyang kumawala sa mga bisig ng lalaki. Pero sabay lang din silang nahulog nito sa sahig, dahilan upang gumawa ng malakas na kalabog. Mabilis na napatindig siya at galit na tinapunan ng tingin si Allen.

“Ano’ng nangyari?” humahangos na tanong ni Ingrid na napababa kaagad ng hagdanan matapos marinig ang ingay.

“Nothing, Tita. Nahulog sa upuan niya si Mr. Quintana,” maagap na sagot ng dalaga habang nakatingin sa lalaki na nakasalampak pa rin sa sahig.

Napataas ang kilay nito at tila hindi makapaniwala sa sinabi niya. Ngunit wala na itong sinabi.

“Uy, Ate, nandiyan ka na pala,” ani Yamayi na kasunod lamang ng ina. “Sama ka sa amin nina Mommy at Kuya Al. Kanina ka pa nga namin hinihintay..”

“No, thanks, Yam.” Kaagad siyang dumerecho patungo sa kanyang silid bago pa siya pilitin ng mga ito.

Isang cream blouse ang suot ni Romina katerno ng asul na palda. Ipinusod na lamang niya ang buhok at naglagay ng bahagyang makeup. Sa hitsura niyang iyon, hindi aakalain ninuman na executive secretary lamang siya, kundi boss. Kunsabagay, dati naman siyang businesswoman.

“Wow! Ang ganda mo ngayon, Ate, ah. Saan ang lakad mo?” salubong ni Yamayi nang dumulog siya sa hapag upang sabayan sa agahan ang mag-ina.

“Well, kahapon ko pa sana gustong sabihin sa

inyo ni Tita Ingrid. Pero umalis naman kayo kaya hindi ko na nasabi. Gabi na rin kayong nakauwi kaya hindi na 'ko nagkaroon ng pagkakataong i-share sa inyo 'yung good news ko."

"Good news?" litong ulit ng pinsan niya.

Tumango siya. "Yup, may trabaho na 'ko. And today is my starting day," masigla at excited niyang hayag.

"Saan naman, aber?" usisa ng tiyahin.

"Sa *Santiago Law Office*."

Kapwa natigilan sina Ingrid at Yam sa pagkain.

"What's wrong?" takang tanong niya nang mapansin ang reaksiyon ng mga ito.

"Ano'ng position mo, Ate?"

"Executive secretary ni Atty. Harris Santiago," aniya na parang nagmamalaki pa.

"What!" halos magkasabay na bulalas ng magina.

"Ate naman, bakit doon pa?" hirit ng pinsan.

"What's wrong with that? I met Atty. Harris yesterday and he's a fine man. Besides, I need the

job,” depensa niya.

“Yes, you need a job. Pero bakit hindi mo muna kami kinonsulta bago mo ’yun tinanggap?” ani Ingrid.

“Don’t worry, Tita. Okay naman ang trabaho ko d’un. Manageable ’yung work at mabait ang magiging boss ko. I was assured by my friend who happens to be his cousin.”

Ang kaeskuwela rin ang nagpakilala sa kanya sa magiging boss niya nang magkita sila sa mall nang nagdaang araw. Mabait ang lalaki, guwapo at charming. Tsinito at maputi. Iyon nga lang, napansin niya na medyo baduy ang choices nito pagdating sa damit. Sa tingin niya ay nasa mid-thirties na ito.

“My God, Romina! You should have told us!”

Natigilan siya sa reaksyong iyon ng tiyahin. “Tell me, Tita, ano ba ang ipinag-aalala ninyo about my job?”

Si Yamayi na ang umakong sumagot ng tanong niya. “Ate, ’yung abogadong iyon, eh, kilalang womanizer. Lahat ng makita niyang nakapalda ay pinapatos. Kapag may natipuhan ang taong iyon, siguradong gagawin ang lahat para lamang mapasakanya. He’s got bad reputation dito sa bayan, Ate.”

Napatango siya. Nakuha na niya ang punto ng tiyahin sa pag-aalala ng mga ito.

“Resign from that job, Romina...”

Napipilan siya. “Tita, I can’t just simply resign from this job. I badly need this. Don’t worry, hindi ko hahayaang kantiin ako ng Harris na ’yun kung iyon ang ikinatatakot n’yo. Kaya alisin n’yo na ni Yam ang pag-aalala ninyo, okay? Black belter ’to, Tita. I can defend myself kung ang iniisip ninyo ay ang mga advances na puwede niyang gawin,” nagmamayabang pang sabi niya.

“Black belter?” gulat na ulit ni Yamayi.

Tumango lang siya at tumayo na. Mahirap na dahil baka mabuko pa ng mga ito na hindi iyon totoo. “I have to go na, Tita. I don’t want to be late on my first day.” Matapos halikan sa pisngi ang biyuda at ang pinsan bilang pamamaalam, dere-derecho niyang tinungo ang garahe. Ayaw na niyang humaba pa ang diskusyon nila kaya hindi na rin niya inubos ang pagkain.

Nasapo na lamang ni Ingrid ang noo nang makaalis si Romina. Hindi niya alam kung paano ilalayo ang pamangkin sa nakaambang panganib na hindi nito alam na kinasuungan.

“Ate Romina is very beautiful, Mommy. A good catch. Imposibleng hindi siya magustuhan ng Harris na 'yun. We have to do something about this.”

Tumango lang ang ina; tila nag-iisip pa rin.

Isang ideya ang biglang sumuot sa isipan ng babae at napatayo bigla. “Magbihis ka, Yam. Pupunta tayo ngayon sa mansyon.”

3

“Good morning, Sir,” nakangiting bati ni Romina nang dumating si Harris sa opisina. Alas diez na noon ng umaga.

“Good morning, Miss Grande!” Matamis ang tugon nitong ngiti sa kanya at magiliw pa ang pagsagot. “Na-orient ka na ba ni Mrs. Narciso sa gagawin mo?”

Ang tinutukoy ni Harris ay ang senior staff nito na sa tingin ng dalaga ay nasa edad na apatnapu. Mabait ang babae sa kanya habang tinuturuan siya sa mga bagay na dapat niyang gawin. Binalaan na rin siya nito ukol sa boss nila.

“Yes, Sir...” Bigla namang nag-ring ang telepono sa tabi niya. “*Santiago Law Office*,” bungad niya sa nasa kabilang linya.

“Make me a cup of black coffee, Dear,” bilin ni Harris bago ito pumasok sa opisina nito.

Napatango na lang ang dalaga.

“Did I hear it right? Inuutusan ka niyang magtimpla ng kape?” tanong ng kausap niya sa

telepono.

“Who are you?” inis na tanong niya bagaman nagkakaroon na siya ng hinala kung sino iyon.

“Romina, Romina... You don't have to do that.”

“A-Allen? Mr. Quintana?” takang tanong niya sa mababang tinig.

“Mas mabuti pa ang posisyong inaalok ko sa 'yo kaysa maging taga-timpla ka lamang diyan ng kape. Or you better consider my second offer.”

“Second offer?” taka niyang tanong.

“Yes. And that is to be my wife.”

Pinamulahan ng mukha si Romina. Mabuti na lamang at hindi niya kaharap ang lalaki.

“Shut up!” gigil niyang asik sa kabila ng mabilis na pagkabog ng dibdib niya. Sinundan niya iyon ng malakas na pagbagsak ng receiver.

Pagkababang-pagkababa niya ng aparato ay saka naman tumunog ang intercom na ikinagulat pa niya.

“Where's my coffee, Miss Grande?” may halong pagkainip sa tinig na untag ng kanyang boss.

Mabilis siyang napatayo. “Coming, Sir,” pahabol

niyang sabi at dali-daling tinungo ang kinalulugaran ng coffeemaker.

Bigla tuloy siyang napag-isip ng mga sinabi ni Allen habang nagtitimpla ng kape. Para siyang binatukan ng mga salita nito. Noon niya naramdaman ang feeling ng isang na-demote na empleyado. Mula sa pagiging manager, bumaba siya sa pagiging tila utility girl. Napailing siya upang iwaksi ang iniisip.

No, kumbinsi niya sa sarili. Kaysa naman sa lumapit ako sa papa ko o sa lalaking naging dahilan ng pagbagsak ng negosyo ko. No way!

Taas-noong bitbit ni Romina ang tasa ng kape nang kumatok sa pinto ng abogado. Muntik na niyang mabitiwan ang dala nang papasukin siya nito at mabungaran niya ang isang babae na nakapulupot kay Harris. Hindi niya inaasahan na may bisita pala ito. Ni hindi nga niya napansin kung saan nagdaan ang babae o kung dumaan nga ba ito sa harapan niya kanina. Muling umukit sa isip niya ang mga negatibong bagay na sinabi ng tiyahin niya tungkol sa kanyang amo.

Lalabas na sana siya ng naturang kuwarto nang biglang magsalita si Harris. "Please cancel all my appointments today. Reschedule mo sa ibang free time ko, okay?"

“Yes, Sir,” turan niya at tuluyang nilisan ang opisina.

Pagbalik niya sa puwesto ay ang muling tumunog ang telepono. Bago pa man siya makapagsalita ay inunahan na siya ng nasa kabilang linya.

“I’ll pick you up after work and we’ll have dinner,” ani Allen, pagkatapos ay mabilis na ibinaba ang telepono.

Napailing na lang si Romina. Sadyang hindi siya nito binigyan ng pagkakataong tumanggi.

“Bahala ka!” singhal niya sa receiver bago iyon ibaba.

Sigurado siyang ang tiyahin ang nagsabi kay Allen ng trabaho niya sa law office na iyon.

Nagulat si Romina nang biglang may humawak sa siko niya. Papalabas na siya noon ng lobby ng *Santiago Law Office*.

Pilit niyang pinipiksi ang siko mula sa pagkakahawak ng lalaki na alam niyang walang iba kundi si Allen, subalit lalo nitong hinigpitan ang hawak sa kanya. Nagmukha tuloy silang magnobyong. At hindi maiwasan na may ilang taong napatingin

sa kanila.

“Ano’ng kailangan mo?” inis niyang tanong sa binata. Hinayaan na lang niyang akbayan siya nito hanggang sa makarating sila sa parking area kaysa makaakit ng atensyon ng mas marami pang tao.

“Pasok!” matigas na utos nito na halos walang kangiti-ngiti sa labi. Hinihintay nitong makasakay siya sa kotse nito, subalit hindi siya tuminag sa kinatatayuan.

“Hindi ako sasama sa ’yo at marunong akong umuwing mag-isa.”

“Stubborn woman!” mahinang sabi nito na nagtitimpi. “Okay.” Lumambot nang kaunti ang features ng mukha nito. “I know kaya mong umuwing mag-isa. We’ll just talk for a while, have dinner. That’s all...”

“Wala naman tayong dapat pag-usapan.”

“Meron. At kapag hindi ka pa pumasok sa loob ng kotse ngayon din, you will get what your stubborn head deserves.”

Seryoso si Allen nang sandaling iyon at mataas na ang tono ng pananalita nito. May ilang taong napapadaan na rin sa carpark at nakakapansin sa

kanila kaya padabog siyang pumasok sa loob ng sasakyan nito.

Hindi nakita ni Romina ang ngiti na namutawi sa mga labi ng lalaki dahil sa kanyang ginawa. Habang nasa biyahe ay wala siyang kibo kahit pa pilitin nitong magsimula ng usapan sa pagitan nila.

Isang primera klaseng restaurant ang pinagdalhan nito sa kanya. May bahagyang sakit na kumurot sa dibdib niya nang maalala ang naluging negosyo.

Habang nagdi-dinner ay sinimulan na nito ang pagsasalita. Una ay ang job offer nito sa flower farm kasabay ng pagbibitiw niya sa trabaho sa *Santiago Law Office*.

“No, no, no and no. No as in no!” matigas na tugon ng dalaga. “I told you before, I won’t accept anything from you.”

Natahimik pansumandali ang kaharap habang nakatitig sa kanya na tila nag-iisip. “Then be my wife.”

Muntik na niyang maibuga ang iniinom na juice. “You’re crazy!” singhal niya.

“Call me whatever you want. Umalis ka lang sa law office na iyon, I will do everything—”

“Why are you doing this?”

Napakibit-balikat si Allen. “Yeah, maybe I’m crazy. But look, I’m very sorry for what happened in *Roma*. Siguro nga, kung hindi dahil sa akin, you still have that resto. And you wouldn’t land on this job.”

“Look, Mr. Quintana,” matalim niyang sinalubong ang mga mata nito, “may trabaho na ako, so don’t bother anymore. Besides, I can handle that Atty. Harris. Stop pretending you’re concerned about me. At kung nakokonsyensya ka dahil sa nagawa mo noon, magdusa ka!”

Sandaling katahimikan ang namagitan sa kanila. Sumandig lang ito sa kinauupuan at tinitigan siya—dahilan upang hindi siya maging komportable.

At sa mga pagkakataong iyon ay biglang tumugtog ang isang love song. Lalo pang nailang si Romina dahil doon.

“Let’s go...” aniya na biglang tumayo nang mapansing may ilang pares nang tumutungo sa dance floor upang magsayaw. “Gusto ko nang umuwi.”

Napansin niya ang panghihinayang sa mga mata ng binata nang pumako ang tingin nito sa ilang pares na nagsasayaw. Tila ba nais din siya nitong ayain sa dance floor. Subalit ilang saglit lang ay tumayo na rin

ito at sumunod sa kanya patungo sa carpark.

Tahimik sila habang nagbibiyaha. Nang tumapat sila sa bahay ng Tita Ingrid niya ay saka siya bumaling sa katabi. “Thanks for the dinner,” aniya at sinimulang buksan ang pinto ng kotse.

Mabilis siyang napigilan nito sa kamay. “I want you to be careful with that guy. Don’t go with him on his out-of-town meetings. Don’t accept gifts from him. Are you listening, Romina?” anito.

Bahagya lang tumango ang dalaga. “I know what I’m going to do, Mr. Quintana,” aniya at tuluyang lumabas ng sasakyan nito. “Good night.”

Matamang nakatingin lang si Allen habang papasok siya sa kabahayan ni Ingrid.

Mabilis ang mga kilos ni Romina habang inaayos ang mga dadalhin sa meeting ni Atty. Santiago. Hindi siya dapat ma-late. Isang simpleng business suit ang napili niyang isuot.

“Mag-agahan ka muna,” yakag ni Ingrid nang makitang nagkukumahog siya sa pagbaba sa hagdanan.

“Thanks, Tita. Nagmamadali ako ngayon, eh.

May meeting kasi kami. At ayokong ma-late.”

“Maaga pa naman, at malapit lang ang opisina ninyo, ah?” takang tanong nito. “Marami ka pang oras para mag-agahan.”

“Nakalimutan kong sabihin sa inyo, Tita. Sa *Richmonde Hotel* ‘yung meeting namin. Imi-meet ni Atty. Santiago ‘yung top management ng hotel. May bago kasing case na hahawakan si Attorney.”

Hindi napansin ni Romina ang makahulugang tinginang namagitan kina Ingrid at Yamayi nang sabihin niya iyon.

“Nakalimutan kong sabihin sa ‘yo kagabi. Tumawag nga pala si Kuya Ysmael—”

Hindi na naituloy ni Ingrid ang iba pang sasabihin nang pinutol niya iyon. “Later na lang natin pag-usapan ‘yan, Tita. Mauuna na ako sa inyo ni Yam,” aniya at humalik sa tiyahin at pinsan bago lumisan.

Napailing na lang ang biyuda sa tinuran ng pamangkin. Alam niyang may tampo pa rin ito sa ama dahil hindi man lang ito na-excite nang sabihin niyang tumawag si Ysmael.

“Mommy..” pukaw ni Yamayi sa ina. “Ano’ng gagawin natin?”

Noon lang tila natauhan si Ingrid.

“Oo nga pala,” anito at dumerecho sa telepono upang tawagan si Allen. “Hijo...” Ipinagbigay-alam nito ang tungkol sa lakad ng pamangkin.

Halos mapamura ang binata na kasalukuyang nagbibiyahe patungo sa isang lugar sa Bulacan nang marinig ang balita ni Ingrid. Napasuntok siya sa manibela dahil sa tinitimping galit. “Okay, Tita. Ako na’ng bahala. Huwag na kayong mag-alala kay Romina, okay? Papunta na ‘ko doon,” aniya at ibinuwelta ang sasakyan patungo sa destinasyong sinabi ng nakatatandang babae.

Hindi napansin ni Romina ang kakaibang ngiting sumilay sa mga labi ni Atty. Harris Santiago nang makita siyang papasok ng hotel lobby. Bakas ang paghanga sa mga mata nito nang suyurin ang kabuuan niya.

“C’mon, let’s go,” anito habang papasok sa loob ng isang restaurant ng hotel.

In-occupy nila ang isang mesa na pang-anim katao.

“They will be here in thirty minutes... kaya mag-

order muna tayo. I'm sure you haven't eaten your breakfast yet..." anito at tinawag ang isang waiter.

Hindi na tumanggi si Romina. Nagugutom na rin siya at totoong hindi siya nakapag-agahan. Sinamantala niya ang pagkakataon upang punuin ang kumakalam niyang sikmura. Susubo na sana siya nang mapadako ang tingin niya sa mismong kaharap nilang table.

Laking gulat niya nang makitang nakaupo roon si Allen. Seryosong-seryoso ang mukha nito habang nakatitig sa kanya.

"What's the problem?" takang tanong ni Atty. Santiago nang makitang natigilan siya sa pagsubo.

"W-wala, may naalala lang ako," aniya at napasimangot.

Ngumiti lang si Harris. Iyong ngiti na siguradong kapag teenager ang kaharap ay kikiligin.

"Bakit?" takang tanong niya.

Umiling lang ito at mabilis na pinisil ang baba niya. "You're cute... especially when you're frowning."

Sa ginawa nitong pagpisil sa kanyang baba ay nakaramdam bigla si Romina ng pagkaasiwa. Sa halip na ipakita iyon sa kaharap ay ngumiti lang

siya. Napansin din niyang tila nagbabaga na sa apoy ang tingin ni Allen na nasa kabilang panig lamang nila. Kung apoy nga lang talaga ang titig ng lalaki ay malamang natupok na siya kanina pa sa kinauupuan niya.

“May boyfriend ka na ba, Miss Grande?”

Iling lang ang itinugon niya sa abogado. At hindi niya napansin ang makahulugang ngiting muling namutawi sa mga labi ni Harris. Paano’y mas naging abala ang isip niya sa presence ni Allen. Marahil, kung wala lamang sila sa pampublikong lugar ay kanina pa siya kinaladkad ng binata palayo kay Harris.

Ilang saglit lang ay dumating na rin ang kliyenteng sinasabi nito. Tumagal ang meeting ng halos isang oras. Hindi makapag-concentrate si Romina dahil alam niyang nakamasid na mabuti sa kanila si Allen.

“You’re crazy!” inis na sabi ni Romina matapos bumaba sa kanyang sasakyan. Kasunod niya si Allen habang papasok sa bahay ng tiyahin.

Nang matapos ang meeting nila ni Harris ay sinundan pa rin siya ng binata hanggang sa opisina nila. And she couldn’t imagine now na hanggang sa paglabas niya sa opisina kaninang five thirty ay

makikita pa rin niya ito.

“Ano ba ang gusto mong mangyari, ha, Al—” inis na saad niya na huminto at hinarap ang lalaki. Ngunit nagkamali siya dahil sa biglang paghinto at pagharap niyang iyon ay nabunggo niya si Allen na nakasunod lang pala sa kanyang likuran. Mabilis at maagap siyang naalalayan nito, dahilan upang maumid ang kanyang dila at bumilis na naman ang pintig ng puso niya. They were silent for a while. Pero si Romina na ang unang bumasag ng katahimikang iyon nang mabilis niyang itulak palayo sa kanya ang lalaki.

“Now, tell me, bakit mo ‘ko sinusundan?”

“Dahil ayaw mong umalis sa law office na ‘yon.”

“Gusto mong umalis ako sa trabaho ko para magtrabaho sa flower farm mo?” di-makapaniwalang pakli niya na pinaikot ang mga mata saka umiling. “So, ang lagay pala ay ako pa ang dapat magpasalamat sa ‘yo dahil binabantayan mo ‘ko against that Atty. Harris Santiago. Manigas ka, Mr. Quintana,” aniya saka tumalikod. Ngunit muli rin siyang huminto matapos makailang hakbang. “On second thought...”

“What?”

“Kung gusto mo talagang maging bodyguard ko...

bahala ka!” aniya at tuluyang tinalikuran ang binata.

Mabilis namang nahagip ni Allen ang braso niya. “Hindi mo man lang ba ako aaluking pumasok sa loob at magkape muna?”

“No. You go home, maaga pa ang duty mo bukas,” tila nang-iinis namang ganti niya.

And to her amazement, he suddenly pulled her closer to him. Mas lalo pang nagrigodon ang puso niya. “Okay, I don’t care kung bodyguard ang maging tingin mo sa akin,” anito na itinaas ang kamay upang masuyong ayusin ang buhok niya. Mas higit pang naumid ang dila niya sa kakaibang sensasyong namayani sa kanya nang oras na iyon. “I will always be proud to become a bodyguard of a beautiful lady. Bodyguard... that sounds nice, huh?” tila may pagkasarkastikong pahayag nito. “And to think I’m giving my services for free... that’s another topic,” anito at sumilay sa mga labi nito ang isang pilyong ngiti.

“At sino ba ang may sabi sa ‘yong bantayan ako, ha?” sa wakas ay nasabi niya sa kabila ng kaba.

“So, wala bang goodnight kiss?”

Bago pa nakatugon si Romina ay mabilis nang lumapat ang mga labi ng lalaki sa mga labi niya.

Masuyo siyang hinagkan nito, ngunit hindi siya nito hinayaang magkaroon man lang ng pagkakataong pumiglas sa mahigpit na pagkakahawak nito sa dalawang braso niya.

“That’s the payment for my duty today, Ma’am,” nakangiting sabi nito na mabilis nang tumalikod at dumerecho sa kotse nito habang pumipito.

Naiwang tigagal sa kinatatayuan ang dalaga. Hindi niya mawari kung bakit gayon na lamang ang epekto ni Allen tuwing makakaharap niya. At hindi niya napansin ang dalawang pares ng mga mata na parehong kinikilig habang nakamasid sa kanila ni Allen kanina. Sina Ingrid at Yamayi.